

Naka-embargo hanggang 0830 Maynila (00:30 UTC) Ika-1 ng Hunyo 2020

IHS Markit Philippines Manufacturing PMI®

Nakaranas ang mga nagmamanupaktura ng higit pang epekto sa output dahil sa COVID-19

Key findings

Bumagal ang rate ng pagbagsak ng output at mga bagong order, pero nananatili itong matindi

Labis na bumagsak ulit ang bilang ng trabaho

Tumaas ang mga presyo ng output habang tumataas ang pressure sa gastos

Ang data ng Mayo 2020 ay nakolekta noong 12-21 Mayo 2020.

Labis na bumagsak ulit noong Mayo ang mga kalagayan ng pagmamanupaktura sa buong sektor ng mga gumagawa ng mga produkto sa Pilipinas, ayon sa pinakabagong data ng PMI®. Lalo pang napigilan ang output ng mga pagsusumikap para maiwasan ang pagkalat ng pandemya ng coronavirus disease 2019 (COVID-19), na kinabibilangan ng mga pansamantalang pagsasara ng negosyo at paghihigpit sa pagbibiyaha. Gayunpaman, ang pagluwag ng mga pag-iingat sa ilang rehiyon ay nakatulong na mapabagal ang rate ng contraction sa produksyon mula Abril.

Gayunpaman, labis na bumagsak ang bilang ng trabaho, habang labis na nabawasan ang mga pagbili noong Mayo. Samantala, ang mas matataas na presyo ng raw material ay nagdulot ng kaunting pagtaas ng mga gastos sa input, sa unang tatlong buwan, na siyang nagdulot ng bahagyang pagtaas ng mga singil sa output dahil bahagyang ipinasa ng mga kumpanya ang mas matataas na presyo ng input sa mga kliyente.

Umakyat sa 40.1 ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® noong Mayo, mula sa pinakamababang naitala na 31.6 noong Abril. Sa kabila ng pag-unlad, isinaad pa rin ng pagtataya na nagkaroon ng matinding paglala ng mga kundisyon sa pagpapatakbo sa buong sektor ng pagmamanupaktura, ang pangatlo sa loob ng maraming buwan.


Humina ang produksyon dahil sa malawakang pagpapatupad ng mga panuntunan ng lockdown sa buong Pilipinas. Gayunpaman, ang mga ulat ng bahagyang pagluwag ng mga paghihigpit sa mga rural na lugar ay nagdulot ng hindi gaanong matinding pagbaba kumpara sa naranasan noong Abril, kung saan nakapagsimula na ulit ng operasyon ang ilang negosyo. Kaugnay nito, naging mas mababa kaysa sa normal ang kapasidad dahil sa patuloy na pagpapatupad ng social distancing, habang madalas na nahadlangan ng kakaunting bilang ng bagong order ang mga kumpanyang paramihin ang output.

Patuloy na bumagsak ang demand para sa mga gawang produkto sa buwang iyon, kung saan mas maliit ang pinakabagong pagbaba kaysa sa naranasan noong Abril pero ito pa rin ang pinakamatinding pagbaba mula noong nagsimula ang serye noong Enero 2016. Humina ang mga benta ng mga negosyo sa lokal at internasyonal na merkado, dahil ang pandemya ng COVID-19 ay nangangahulugang maraming dayuhang kliyente ang nanatili sa ilalim ng mga panuntunan ng lockdown.

Dahil dito, patuloy na binawasan ng mga kumpanya ang aktibidad sa pagbili

ipinagpatuloy...

Philippines Manufacturing PMI
sa, >50 = pagganda mula noong nakaraang buwan



Source: IHS Markit.

Komento

Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni David Owen, Ekonomista sa IHS Markit, na:

"Nagpakita ang Philippines PMI ng mas kaunting pagbaba sa mga kundisyon sa pagpapatakbo sa buong sektor ng pagmamanupaktura noong Mayo. Nakasunod ang headline index at mas mataas ito kumpara noong Abril kung kailan nagkaroon ng pinakamalaking epekto sa produksyon ang lockdown.

"Gayunpaman, hindi pa nakakabawi ang mga kundisyon, dahil ganoon pa rin ang mga paghihigpit sa punong lungsod at iba pang lungsod mula noong Abril, kung kaya, bahagyang nagdulot ito ng isa pang matinding pagbaba ng mga bilang ng bagong order. Ang pag-aalis ng mga panuntunan sa mga rural na lugar ang nakatulong para mapabagal ang pagbaba. Patuloy na bumagsak ang bilang ng trabaho sa gitna ng labis na kapasidad, na lalong pumigil sa mga kundisyon ng demand.


"Lumakas ang mga pressure sa presyo noong Mayo pagkatapos makapagtala ng mga paghina noong Marso at Abril. Bahagyang tumaas ang mga presyo ng raw material dahil mas naging matimbang ang mga pagbabawas sa pandaigdigang supply kaysa sa mas mahinang demand at dahil dito, nagkaroon ng mga problema sa pagkuha ng mga input. Tumaas din ang mga presyo ng output, pero sinubukan ng mga kumpanyang panatilihin mababa ang pagtaas ng singil dahil umaasa silang makakahikayat ito ng pagganda ng mga benta kapag bumalik na sa normal ang mga kundisyon ng demand."

at pinaliit ng mga ito ang imbentaryo, kung saan ang pagbili ng input at mga stock bago at pagkatapos ng produksyon ay lubhang bumagsak mula noong nagsimula ang ikalawang quarter. Kaugnay nito, bumagal ang pagliit ng mga imbentaryo ng mga raw material at semi-finished na item dahil itinaas ng ilang nagmamamupaktura ang mga holding bilang paghahanda sa pag-aalis ng mga panuntunan ng lockdown sa buong bansa. Naantala ulit ang paghahatid ng mga materyales ng input dahil sa mga paghihigpit sa pagbibiyaha at sa mas madadalas na checkpoint, na nagdulot ng labis na pagtagal ng mga lead time at sampung buwan na itong nangyayari.

Samantala, nabawasan ang bilang ng trabaho sa ikaapat na beses sa loob ng limang buwan noong Mayo. Iniugnay ng mga negosyo ang pagbagsak sa mga mahinang benta at limitasyon sa output, kung saan maraming panelist ang nagpapakabko nang may kaunting bilang ng mga empleyado. Ang pagbagsak ng mga bagong order ay nangahulugang nanatiling sapat ang kapasidad na tapusin ang mga backlog, bagama't bumaba lang nang bahagya ang mahusay na paggawa at nangyari ito sa pinakamabagal na paraan sa loob ng apat na taon.

Sa usapin ng presyo, naranasan ng mga gumagawa ng mga produkto sa Pilipinas ang unang pagtaas sa mga gastos sa input sa loob ng tatlong buwan noong Mayo. Iniugnay ang mga pressure sa pagtaas ng presyo sa mas mataaas na presyo ng raw material, bagama't maliit lang ang itinaas dahil sa mababang halaga ng fuel. Ipinasa ng mga kumpanya ang mas malalaking gastos sa mga consumer sa pamamagitan ng unang pagtaas sa mga presyo ng output mula noong Pebrero. Kaugnay nito, bumagal ang kabuuang bilis ng inflation dahil umaasa ang mga kumpanyang mahihikayat ang mga customer ng mababang presyo habang bumabawi ang demand.

Sa pagpapatuloy, ang tindi ng pananaw tungkol sa output sa isang taon mula ngayon ay patuloy na gumanda mula sa nadir noong Marso, dahil nahikayat ang mga kumpanya ng bahagyang pag-aalis ng mga panuntunan ng lockdown at pagkontrol sa mga kaso ng COVID-19. Umaasa ang mga kumpanyang ang pagdaragdag ng mga bagong produkto ay makakapagdulot din ng mas maraming aktibidad.



Makipag-ugnayan

David Owen
Economist
IHS Markit
T: +44 2070 646 237
david.owen@ihsmarkit.com

Bernard Aw
Principal Economist
IHS Markit
T: +65 6922 4226
bernard.aw@ihsmarkit.com

Katherine Smith
Public Relations
IHS Markit
T: +1-781-301-9311
katherine.smith@ihsmarkit.com

Pamamaraan

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ng IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na nagreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Hindi nirebebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasabayos.

Ang data ng Mayo 2020 ay nakolekta noong 12-21 Mayo 2020.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ng IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na nagreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapakabko sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2020 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa joanna.vickers@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa <https://ihsmarkit.com/products/pmi.html>.